Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

7:6

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG HULYO 20, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT ..... PANGALAWANG PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kagalang-galang Louie C. de Leon ..... Kagawad
Kagalang-galang Ramon D. Tan ..... Kagawad
Kagalang-galang Jun M. Asinas ..... Kagawad
Kagalang-galang Romulo A. Elca ..... Kagawad
Kagalang-galang Laura P. Obligacion ..... Kagawad
Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat ..... Kagawad
Kagalang-galang Angelito U. Limjuco ..... Kagawad
Kagalang-galang Oscar F. Feliciano ..... Kagawad
Kagalang-galang Isagani R. Malapaya ..... Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay

DI-DUMALO:

Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes . Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan

### KAPASIYAHAN BLG. 143-T2009

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 14-T'09 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG SANTO ANGEL NORTE NA NAGKAKAHALAGA NG TATLUMPU'T SIYAM NA LIBO ANIMNARAAN DALAWAMPUNG PISO AT ANIMNAPU'T ANIM NA SENTIMOS (Php39,620.66) MULA SA BALANSENG WALANG PINAGLAANAN NG KARAGDAGANG BADYET BLG. 1 UPANG ILAAN SA PAMBILI NG GASOLINA (Php19,620.66), SEMINAR (Php10,000.00) AT PAGBABAYAD NG AMILYAR AT PAGPAPATITULO (Php10,000.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 53-T'09/Kautusan sa Paglalaan Blg. 14-T'09 ng Sangguniang Barangay ng Santo Angel Norte na nagkakahalaga ng Php39,620.66 mula sa balanseng walang pinaglalaanan ng Karagdagang Badyet Blg. 1 upang ilaan sa pambili ng gasolina (Php19,620.66), Seminar (Php10,000.00) at Pagbabayad ng Amilyar at Pagpapatitulo (Php10,000.00) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Jun M. Asinas at Laura P. Obligacion at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kautusan sa Paglalaan Blg. 53-T'09/Kautusan sa Paglalaan Blg. 14-T'09 ng Sangguniang Barangay ng Santo Angel Norte na nagkakahalaga ng Php39,620.66 mula sa balanseng walang pinaglalaanan ng Karagdagang Badyet Blg. 1 upang ilaan sa pambili ng gasolina (Php19,620.66), Seminar (Php10,000.00) at Pagbabayad ng Amilyar at Pagpapatitulo (Php10,000.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay Santo Angel Norte, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Alan T. Pamatmat
NAGPATOTOO: **ALAN T. PAMATMAT**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:
**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan